ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# CABALIANON SA PANAHON NG PAGLIMOT: ISANG PERSISTENSIYAL NA PAGSUSURI SA WIKA NG BASAK AT AGAY-AY, SAN JUAN, SOUTHERN LEYTE

**Jonalyn R. Costacorta[1], Reymark M. Embate[2], Beberlie M. Guarino[3]**
[1]*Himbangan Elementary School*
[2]*Ayahag Elementary School*
[3]*Malinao MG Elementary School*

**ABSTRACT**

*The aim of this study is to identify and describe the persistence of the Cabalianon language. Twenty (20) volunteers who were 60 years of age or older were chosen from San Juan, Southern Leyte's barangay Basak and barangay Agay-ay. Participants with relevant experience and expertise in utilizing the Cabalianon language were chosen through the use of the purposive sampling technique. A voice recorder, an observation checklist, a semi-structured interview guide, and field notes were the tools utilized to record the information and conversations with the participants. According to the study, there are differences between the dialects used in barangays Basak and Agay-ay and those of other barangays within the same municipality. These include phonological and lexical alterations, which are especially apparent when certain phonemes are eliminated or replaced. For example, terms like katulo-katuyo and bawos-bayos frequently use "Y" in place of the letters "L" and "W" in Basak and Agay-ay dialects. Likewise, "D" is used in place of the letter "R," as in iring-iding. The study also found that everyday usage of the original language, intergenerational transmission, and a strong sense of cultural identification are the three main factors contributing to the language's preservation in Barangay Basak and Agay-ay. The findings demonstrate that the interwoven socio-cultural and linguistic dynamics of the two communities, rather than a single cause, are responsible for the successful language retention in these two barangays, despite the growing influence of modern languages in the millennial and Gen Z eras. This demonstrates that when an indigenous language is actively used, transmitted from one generation to the next, and closely linked to cultural identity, it may be preserved both successfully and successfully. The researchers suggest more research, with an emphasis on the morphological differences found in the two barangays that were discussed.*

**KEYWORDS:** *Cultural Identification; Intergenerational Transmission; Lexical; Phonological; Linguistic Dynamics*

## 1.0 INTRODUKSIYON

Ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isa ring buhay na salamin ng kultura, kasaysayan, at pagkakakilanlan ng isang pamayanan. Sa pamamagitan nito, naipapasa mula henerasyon sa henerasyon ang kaalaman, karanasan, at mga kaugalian ng isang lahi. Isa itong pundasyong kultural na humuhubog sa pananaw, gawi, at ugnayan ng mga mamamayan. Gayunman, maraming katutubong wika at dayalekto sa bansa, kabilang ang *Cabalianon*, ang nahaharap sa matinding banta ng pagkawala dahil sa mabilis na globalisasyon, urbanisasyon, at pag-usbong ng teknolohiya.

Sa kasalukuyan, laganap ang paggamit ng wikang Filipino at Ingles, lalo na sa midya, edukasyon, at mga digital na plataporma. Ito ang nagiging dahilan ng unti-unting pagkalimot sa mga katutubong wika. Ayon kay Borong (2019), marami sa mga kabataang Pilipino ngayon ang tila naging dayuhan na sa sarili nilang wika. Maraming katutubong wika ang hindi na nagagamit sa pang-araw-araw na buhay, lalong-lalo na sa hanay ng kabataan na higit na exposed sa social media at mas kumportable sa paggamit ng wikang banyaga.

Sang-ayon ang mga mananaliksik sa obserbasyong ito sapagkat maging sila ay may personal na karanasang lumayo sa sariling dayalekto. Sa kanilang karanasan sa pagtuturo sa elementarya, napansin nila ang pagkalito ng mga mag-aaral sa paggamit ng mga lokal na katawagan para sa mga bagay o pangyayari—mga salitang mas mauunawaan sana kung sa sariling wika ipinapahayag. Isa ito sa mga patunay na unti-unting napuputol ang koneksiyon ng kabataan sa kanilang lingguwistikong ugat.

Ang *Cabalianon* ay isang natatanging dayalekto ng *Binisaya*. Ang bayan ng San Juan ay dating tinatawag na Cabalian na matatagpuan sa Southern Leyte. Sa mga barangay ng Basak at Agay-ay, bagama't malapit sa sentrong bayan, ay may mga natatanging anyo at gamit ng wika na naiiba sa karaniwang Binisaya. Ipinakikita nito ang lalim, yaman, at kasiningan ng dayalekto na nararapat pag-aralan at pangalagaan.

Isa sa mga nagtulak sa mga mananaliksik na isagawa ang pag-aaral na ito ay ang resulta ng personal na panayam sa ilang mamamayan ng Basak at Agay-ay. Ipinahayag nila ang pag-aalala na baka tuluyang mabaon sa limot ang kanilang orihinal na wika, lalo na't napapansin nilang mas pinipili na ng kabataan ang paggamit ng makabago at banyagang salita. Naniniwala ang mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mananaliksik na sa mabilis na pagbabago ng wika sa kasalukuyang panahon, hindi malayong mabura rin ang pagkakaibang lingguwistiko sa pagitan ng dalawang barangay.

Dahil dito, layunin ng pag-aaral na ito na matukoy at mailarawan ang *persistensi* ng wikang *Cabalianon* sa Barangay Basak at Agay-ay. Hangarin nitong alamin kung paano napananatili ang paggamit ng dayalektong ito, at tukuyin ang mga umiiral na wikaing katutubo sa mga nabanggit na komunidad. Naniniwala ang mga mananaliksik na mahalagang maisagawa ang pananaliksik na ito upang maitala ang kasalukuyang estado ng paggamit ng *Cabalianon* at matukoy ang mga salik na nagdudulot ng paglimot o pagbabago rito. Ang pananaliksik na ito ay hindi lamang akademikong ambag sa larangan ng lingguwistika, kundi isa ring mahalagang hakbang sa pagpapanatili, pagpapayaman, at muling pagbuhay sa mga tinig ng ating mga ninuno—mga tinig na ngayon ay unti-unti nang nawawala.

## 2.0 TEORETIKAL-KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa tatlong teoryang na nagbibigay-linaw sa pagpapanatili o pagkawala ng isang katutubong wika at sa malalim na ugnayan ng wika at identidad ng pamayanang lingguwistiko. Kabilang dito ang *Language Vitality Theory* nina Giles, Bourhis, at Taylor (1977), ang *Sosyolingguwistikang Teorya* nina Labov (1972) at Fishman (1972), at ang *Ethnolinguistic Identity Theory* nina Tajfel at Turner (1979).

Ang mga teoryang ito ay nagsisilbing salamin upang makilala ang kalagayan ng dayalektong Cabalianon o San Juan partikular sa barangay ng Basak at Agay-ay na matatagpuan saSouthern Leyte. Ang *Language Vitality Theory* nina Giles, Bourhis, at Taylor (1977) ay nagpapaliwanag na ang kasiglahan o kahinaan ng isang dayalekto ay maaaring masuri batay sa tatlong pangunahing dimensyon: *(1) demograpiko*, na sumasaklaw sa dami ng tagapagsalita at intergenerational transmission; *(2) institusyonal na suporta*, o kung gaano ito ginagamit at kinikilala sa edukasyon, pamahalaan, relihiyon, at media; at *(3) katayuang panlipunan*, o kung paano ito tinitingnan ng mismong mga tagapagsalita kumpara sa ibang wika. Ayon sa teoryang ito, kung mababa ang prestihiyo at kumpiyansa ng komunidad sa kanilang wika, mas madali itong mailibing sa limot at mapalitan ng mas dominanteng wika.

Samantala, binibigyang-diin naman ng Sosyolingguwistikang Teorya nina Labov (1972) at Fishman (1972) na ang paggamit ng wika ay isang repleksyon ng panlipunang konteksto. Ang mga salik tulad ng edad, kasarian, antas ng edukasyon, hanapbuhay, urbanisasyon, at antas ng pagkalantad sa dominanteng wika ay may malaking impluwensiya sa wika ng isang indibidwal o komunidad. Binigyang-diin ni Fishman (1972) ang tinatawag *language maintenance and shift*, na ito ay sumasalamin sa proseso kung paanong unti-unting napapalitan ang katutubong wika ng mga bagong henerasyon sa pamamagitan ng impluwensiyang panlipunan tulad sa mass at social media.

Sa kabilang banda, malinaw na ipinaliwanag sa *Ethnolinguistic Identity Theory* nina Tajfel at Turner (1979) ang papel ng wika bilang pangunahing salik sa pagkakakilanlang pangkultural at etniko sa isang partikular na lipunan. Ayon sa teoryang ito, ang wika ay hindi lamang midyum ng komunikasyon kundi simbolo ng pagkakakilanlan. Ang pagkawala o panghihina ng wika ay maaaring magdulot ng fragmentasyon sa kolektibong identidad ng isang pamayanan. Sa ganitong konteksto, ang patuloy na paggamit o pagkalimot sa dayalekto ay maaaring ituring na indikasyon ng antas ng pagpapahalaga sa kanilang etnolingguwistikong pagkatao.

Ipinahiwatig na ang mga teoryang nabanggit ay naangkop sa ginawang pag-aaral. Ang mga teoryang ito ay makatulong upang masuri ang mga panlipunan at kultural na salik na nakaaapekto sa persistensi o pagkawala ng dayalekto sa barangay ng Basak at Agay-ay. Sa pamamagitan ng panayam, obserbasyon, at dokumentasyon, layunin ng pag-aaral na tukuyin kung ano ang mga salik kung bakit mapanatili o malimutan ang dayalekto sa gitna ng makabagong panahon. Ang pagkakaugnay-ugnay ng mga teorya ay nagsisilbing matibay na pundasyon upang mailarawan ang kasalukuyang kalagayan ng Cabalianon bilang bahagi ng mayamang lingguwistikong yaman ng Southern Leyte.

## 3.0 METODOLOHIYA

Gumamit ang pananaliksik na ito ng case study bilang disenyo ng pag-aaral. Ayon kay Madriñan (2014), ang case study ay isang sistematikong disenyo ng pagtataya ng datos na naglalayong ilarawan, ipaliwanag, at unawain ang isang tiyak na kaso tulad ng isang konsepto, kultura, o pangyayari. Angkop ito sa pananaliksik na ito sapagkat nilalayon nitong tuklasin ang persistensiyal na katangian ng wikang Cabalianon sa dalawang piling komunidad.

Isinagawa ang pananaliksik sa barangay Basak at Barangay Agay-ay na matatagpuan sa bayan ng San Juan, Southern Leyte. Ang San Juan ay dating tinatawag na Cabalian, kaya't ang lokal na wika sa bayang ito ay tinatawag na Cabalianon. Ang dalawang barangay ay kilala sa kanilang natatanging dayalekto ng Binisayang Cabalianon na ayon sa mga lokal, ay unti-unti nang nalilimutan sa pag-usbong ng makabagong panahon.

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mga matatandang residente mula sa barangay Basak at Agay-ay na likas na naninirahan sa lugar. Kumuha ang mga mananaliksik ng dalawampung (20) kalahok na may edad 60 taong gulang pataas. Gamit ang purposive sampling, pinili ang mga kalahok na may makabuluhang karanasan at kaalaman sa paggamit ng wikang Cabalianon. Isinagawa rin ang “referral technique” o “snowball sampling” kung saan kumuha ang mananaliksik ng mga key informant na tumulong sa pagtukoy ng iba pang angkop na kalahok. Tiniyak na ang mga napiling kalahok ay mga katutubong tagaroon.

Ang mga sumusunod na instrumento ang ginamit sa pananaliksik: a) Gabayan na panayam (semi-structured interview guide) upang matukoy ang pananaw ng mga kalahok hinggil sa kasalukuyang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kalagayan ng wikang Cabalianon; b) Talaan ng obserbasyon upang masaksihan ang aktuwal na paggamit ng wika sa natural na konteksto gaya ng tahanan, paaralan, at komunidad; at c) Voice recorder at field notes upang dokumentado ang mga datos at interaksyon sa mga kalahok.

Sa pangangalap ng datos, isinagawa ang mga sumusunod na hakbang: Una pagkilala sa panimulang pananaliksik sa kasaysayan ng barangay Basak at Agay-ay. Pangalawa, pagkilala sa mga kalahok sa tulong ng mga key informant, pangatlo, immersion o panandaliang paninirahan ng mananaliksik sa komunidad upang direktang masaksihan at marinig ang aktwal na paggamit ng wika. Pang-apat, pakikipanayam at pagpasagot sa wordlist sa mga kalahok sa kanilang bakanteng oras at panlima, impormal na paraan ng pakikipag-usap, upang maging komportable ang mga kalahok sa pagsagot at pagbabahagi ng kanilang wika. Ang mga salitang sinuri ay ang mga karaniwang ginagamit sa araw-araw na pakikipagtalastasan ng mga kalahok. Ang mga ito rin ang lumitaw sa panahon ng panayam at obserbasyon, kaya't naging pangunahing batayan sa pagsusuri.

Maingat na sinuri ng mananaliksik ang mga terminolohiya o dayalekto na nakuha mula sa wordlist at mga kasagutan sa panayam. Gamit ang voice recorder at field notes, initala ang mga natatanging salitang hindi karaniwan sa mga kalapit na barangay.

## 4.0 PAGLALAHAD SA RESULTA NG PAG-AARAL

Inilahad sa bahaging ito ang mga wikain ng barangay Basak at Agay-ay sa San Juan, Southern Leyte at paano nanatiling ang mga wikiing ito sa kabila ng mga pagbabago.

**Wikain ng Barangay Basak at Agay-ay sa Ibang Barangay ng San Juan, Southern Leyte**

**Talahanayan 1: Wikain ng Barangay Basak at Agay-ay**

| Filipino | Wikain ng Ibang Barangay ng Cabalin/San Juan | Wikain ng Barangay Basak at Agay-ay |
|---|---|---|
| ahas | hals | hayas |
| aksaya | kas | kayas<br>kalas |
| aso | iro | ido |
| babae | baje | baje<br>baje |
| bahay | balay | bayay |
| bolo | bolo | buyo |
| bubong | bungbong | bayungbong |
| bulaklak | bulak/buwak | buyak |
| doon | adto | sadto<br>kadto |
| ganon | mao | amora<br>maora |
| ganti | bawos | bayos |
| halik | hawk/haluk | hayok<br>haluk |
| hina | luja | luya |
| hindi | ayaw/ajaw | ajaw |
| ikatlo | ikatulo | ikatuyo |
| ito | kana | iton<br>jaon |
| kamot | kawot | katoy<br>kayot |
| kawayan | kawayan/ kawajan | kawajan |
| kulog | dawugdog | dayugdug |
| lakad | lakaw | panaw |
| langgam | hulmigas | umigas |
| lapit | duol | duoy |
| layo | laju | layo |
| lungkot | guol | guoy |
| mawala | mawala | mawaya |
| naghintay | naghulat | naghuyat |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| nagsaing | dung-ag | lung-ag |
| nagsulat | nagsulat | nagsuyat |
| natulog | natulog | natuyog |
| ngayon | karun | kuman |
| noon | sadto | sauna |
| palo | bunal | bunay |
| panganay | maguwang | maguyang |
| papaya | kapajas | kapayas |
| pusa | iring | iring<br>iding |
| sabi | ingun | laong<br>ingun |
| sahig | sawog | sawug |
| sanggol | puya | puja |
| sunduin | apasa | adtoa |
| takbo | dagan | jagan |
| tamad | tapulan | tapuwan<br>tapulan |
| taob | kulob | kuyob<br>jaob |
| ulam | suya | suya |
| ulan | ulan | uyan |
| ulo | ulo | uyo |
| umakyat | katkat | nisaka<br>kayatkat |
| umalis | nipanaw | nilakaw |
| wala | waya | waya |
| walang alam | bayo | bayo |

Batay sa resulta sa Talahanayan 1, malinaw na ipinakita na ang wikain ng mga taga-Basak at Agay-ay sa San Juan, Southern Leyte ay may kakaibang katangian kumpara sa mga wikain ng iba pang barangay sa nasabing bayan. Sa pagsusuri ng mga leksikal at ponemikong anyo ng mga salita, malinaw na may mga *distinctive linguistic features* ang kanilang wika na hindi karaniwang matatagpuan sa wikang ginagamit sa karatig na mga barangay.

Tulad ng salitang aso ay *iro* sa ibang barangay, subalit tinatawag na *ido* sa Basak at Agay-ay. Ang salitang aksaya ay *kas* sa karaniwang wikang Southern Leyteno, ngunit sa dalawang barangay ay *kayas*. Sa ganitong paraan, lumilitaw ang *leksikal variation* na isang batayang palatandaan ng dayalektal na kaibahan (Reyes at Drapeza, 2021).

Bukod sa leksikal na pagkakaiba, makikita rin ang mga sistematikong pagbabagong ponolohikal. Kapansin-pansin ang pagkakaltas o pagpapalit ng ilang ponema. Halimbawa sa letrang "L" at "W" ito ay "Y" sa wikain ng Basak at Agay-ay tulad ng *katulo-katuyo* at *bawos- bayos.* Ganoon din ang letrang "R" ay napalitan ng "D" halimbawa sa *iring-iding.* Napansin din na ang mga salitang gaya ng "balay" sa ibang barangay ay "bayay" sa Basak at Agay-ay. Ang "ganti" na "bawos" sa ibang lugar ay "bayos" sa kanila. Maging ang mga pandiwang tulad ng "nagsulat" na karaniwang isinasalin bilang "nagsuwat" ay sinasabi nila na "nagsuyat." Ang "ngayon" na "karun" sa ibang baryo ay "kuman" sa kanila.

Ayon kay Borong (2024), ang ganitong mga ponolohikal na pagbabago ay maaaring bunga ng matagalang *linguistic isolation* o pagkaputol ng regular na ugnayan sa mas dominanteng wika ng rehiyon. Sa kasong ito, ang barangay Basak at Agay-ay ay maaaring napapanatili ang natatanging katangian ng kanilang wika dahil sa limitadong impluwensiya ng wikang Southern Leyteno. Idinagdag pa ni Borong (2024) na ang pagkakaiba ng wika sa magkakatabing pamayanan ay maaaring dulot ng *microclimatic linguistic environment* kung saan ang isang maliit na grupo ay nakakabuo ng natatanging uri ng wika batay sa lokal na praktis, kasaysayan, at sosyo-kultural na impluwensiya.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na ang wikain sa barangay Basak at Agay-ay ay hindi lamang isang baryasyon kundi isang *natatanging anyo ng wika* na nararapat bigyan ng masusing atensyon sa larangan ng lingguwistika. Pinatutunayan ng resulta na ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isang buháy na salamin ng kultura at pagkakakilanlan. Ang natatanging wikain ng Basak at Agay-ay ay patunay ng *linguistic resilience* ng komunidad sa kabila ng makabagong panahon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Naipreserba ang Wikang Cabalianon sa barangay Basak at Agay-ay**

Batay sa isinagawang pananaliksik, lumilitaw na ang wikang Cabalianon ay naipreserba sa Barangay Basak at Agay-ay bunsod ng ilang mahahalagang salik na sosyokultural at lingguwistiko. May tatlong mga pangunahing dahilan kung bakit nanatiling naipreserba ang wikang ng barangay Basak at Agay-ay sa kabila pagpapalaganap ng mga wikang milenyal at sa mga GenZers ito ay ang intergenerational transmission at matibay na kultural na identidad

***Paggamit sa Araw-araw***

Batay sa resulta ng panayam sa mga kalahok mula sa Barangay Basak at Agay-ay, lumitaw na ang wikang Cabalianon ay patuloy na bahagi ng kanilang araw-araw na pamumuhay. Hindi ito nakukulong lamang sa loob ng tahanan o sa mga pribadong usapan kundi aktibong ginagamit sa iba't ibang aspeto ng kanilang komunidad. Mula sa simpleng pakikisalamuha sa mga kapitbahay, pakikipag-ugnayan sa mga tindero at mamimili sa pamilihan, pakikipagtransaksyon sa kalakalan, hanggang sa pagsasaka, pangingisda, at maging sa mga gawaing panrelihiyon gaya ng misa at panalangin ang wikang Cabalianon ang pangunahing midyum ng komunikasyon. Ipinapakita nito na ang wika ay hindi lamang simbolo ng kanilang lokal na pagkakakilanlan kundi isa ring mahalagang kasangkapan sa kanilang kabuhayan at panlipunang ugnayan.

Ayon kay Oria at Borong (2021), ang patuloy na paggamit ng isang wika sa iba't ibang domain o larangan ng komunikasyon tulad ng tahanan, relihiyon, edukasyon, negosyo, at pamahalaan ay isang mahalagang salik sa pagpapanatili o language maintenance. Habang ginagamit ang isang wika sa mas maraming kontekstong panlipunan, mas tumitibay ang pundasyon nito sa kolektibong kamalayan ng komunidad. Sa kaso ng barangay Basak at Agay-ay, ang Cabalianon ay nagsisilbing *lingua franca* o pangunahing wikang ginagamit ng mga mamamayan sa pang-araw-araw na buhay. Ibig sabihin, ito ang wikang naiintindihan at ginagamit ng lahat, anuman ang antas ng edukasyon o propesyon, kaya naman nananatiling buháy at matatag ang wikang ito sa nasabing mga lugar.

Makikita sa ganitong sitwasyon ang matibay na ugnayan sa pagitan ng paggamit at pagpapatuloy ng wika. Ang hindi pagkaputol ng paggamit nito sa mga interaksiyong pangkomunidad ay nagsisilbing pruweba ng mataas na antas ng language vitality. Sa kabuuan, ang aktibong paggamit ng Cabalianon sa iba't ibang larangan ng buhay ay hindi lamang nagpapakita ng wagas na pagmamahal sa sariling wika, kundi isa ring patunay ng kanilang kolektibong layunin na mapanatili at mapreserba ang kanilang kultural na identidad sa kabila ng makabagong panahon.

***Intergenerational Transmission***

Isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit napanatili at nananatiling buhay ang wikain ng dalawang barangay ay ang intergenerational transmission o ang pagpapasa ng wika mula sa matatanda patungo sa mga kabataan. Ang intergeneration transmission ay nangangahulugan sa pagpapasa ng wika, kultura, kaalaman, o pagpapahalaga mula sa isang henerasyon patungo sa susunod na henerasyon na karaniwan mula sa mga magulang o nakatatanda papunta sa mga anak o kabataan.

Ayon kay Fishman (1991) sa kanyang teoryang Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS), ang wika ay mananatiling buhay at matatag kung ito ay aktibong naipapasa sa susunod na henerasyon, lalo na sa tahanan kung saan unang natututo ang bata ng wika. Ipinapahiwatig ng GIDS na ang pagpapanatili ng wika ay higit na nakasalalay sa kakayahan ng mga magulang at matatanda sa komunidad na gamitin ang katutubong wika sa pang-araw-araw na komunikasyon sa loob ng pamilya, lalo na sa mga anak.

Batay sa naging pahayag ng mga kalahok sa pananaliksik, malinaw ang papel ng intergenerational transmission sa patuloy na paggamit ng wikang Cabalianon. Isang kalahok ang nagsabi: *"Siguro tungod sa among paggamit sa among pinulungan bisan asa mi muadto sa lugar sa Cabalian ug labaw sa tanan sa bayay among pinulungan ang madunggan sa among mga anak."* (Siguro dahil ang unang wika namin ang ginagamit namin saan man kami makarating sa Cabalian, at higit sa lahat, sa bahay ang aming wika ang palaging naririnig ng aming mga anak.)

Ipinakikita ng pahayag na ito na hindi lamang limitado sa tahanan ang paggamit ng wikain kundi ginagamit din ito sa mas malawak na konteksto ng komunidad. Gayunpaman, ang pagiging sentral ng tahanan bilang espasyo ng wika ay nananatiling mahalaga. Kapag ang mga anak ay lumalaki na naririnig at nagagamit ang wikang katutubo sa kanilang araw-araw na pamumuhay, mas lumalakas ang posibilidad na ito ay kanilang matutunan, tangkilikin, at ipasa rin sa kanilang magiging anak sa hinaharap. Sa kabuuan, ang matagumpay na intergenerational transmission sa mga barangay ng Basak at Agay-ay ay patunay ng matibay na ugnayan sa pagitan ng kultura, pamilya, at wika isang mahalagang dahilan kung bakit hanggang sa kasalukuyan ay buhay pa rin ang wikang Cabalianon sa mga pamayanang ito.

***Matibay na Kultural na Identidad***

Sa isinagawang panayam sa mga kalahok, lumitaw na ang matibay na kultural na identidad ay isang pangunahing salik sa patuloy na paggamit at pagpapanatili ng katutubong wika. Hindi lamang ito basta pagpapahalaga sa isang anyo ng komunikasyon, kundi isang malalim na pag-unawa sa papel ng wika bilang tagapagdala ng kasaysayan, paniniwala, at gawi ng isang komunidad. Ang wika, sa ganitong konteksto, ay hindi na lamang isang kasangkapan sa pakikipag-usap, kundi isang buhay na manipestasyon ng pagkakakilanlan at kolektibong alaala ng isang pamayanan (Fishman, 1991 at Crystal, 2000).

Lumalabas sa mga pahayag ng mga kalahok na ang mataas na antas ng pagpapahalaga sa kanilang katutubong wika ay inuugat sa damdaming pagmamay-ari at pagmamalaki sa kanilang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pinagmulan. Ang ganitong saloobin ay nagsisilbing matibay na pundasyon upang patuloy na gamitin ang wika sa pang-araw-araw na pamumuhay kahit saang lugar man tayo mapadpad.

Nagpapahiwatig na ang pagpapanatili ng wika ay hindi lamang isang aktong lingguwistiko kundi isang gawaing kultural at sosyolohikal. Ayon kay Borong (2019), ang wika ay mas napapanatili kung ito ay nakaugnay sa matibay na kolektibong identidad ng mga tagapagsalita. Kaya't sa harap ng mga hamon ng modernisasyon at globalisasyon kung saan ang dominasyon ng malalaking wika ay unti-unting pumapalit sa mga wikang katutubo ang matibay na kultural na identidad ay nagsisilbing panangga at tagapagtanggol ng lokal na lingguwistikong yaman.

Samakatuwid, ang isang barangay o pamayanan na may mataas na pagpapahalaga sa kanilang kultural na identidad ay mas malaki ang posibilidad na mapanatili ang kanilang wika. Hindi lamang ito nagpapatibay sa kanilang kolektibong pagkatao, kundi nagsisilbi ring tulay para sa transgenerational na transmisyon ng wika isang mahalagang proseso upang mapanatili ang lingguwistikong diversity sa gitna ng mabilis na pagbabago ng daigdig (UNESCO, 2020).

Ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito ay may mahahalagang implikasyon sa larangan ng sosyolingguwistika, edukasyon, at pamahalaang lokal na naglalayong mapanatili ang mga katutubong wika sa harap ng makabagong pagbabago at globalisasyon. Ipinapakita sa resultang ito na ang barangay Basak at Agay-ay na ang epektibong language preservation ay hindi lamang nakasalalay sa opisyal na patakaran ng wika, kundi sa aktibong pakikilahok ng komunidad sa paggamit, pagpapasa, at pagpapahalaga sa kanilang sariling wika.

Ang aktibong paggamit ng Cabalianon sa iba't ibang domain o sitwasyon ng buhaymula sa tahanan, komunidad, at kabuhayan ay nagpapahiwatig na ang isang wika ay mas tumitibay at nananatili kung ito ay may malinaw na gamit sa araw-araw na interaksyon o pakikisalamuha sa kapwa. Bilang kabuuan, ipinapakita ng pananaliksik na ang pagpapanatili ng wikang Cabalianon ay bunga ng sinerhiya ng tatlong mahahalagang salik ang aktibong paggamit, transgenerational na pagpapasa, at matibay na kultural na identidad. Ang ganitong kalagayan ay nagbibigay-inspirasyon at modelong maaaring tularan ng ibang pamayanan sa Pilipinas na naghahangad mapanatili ang kanilang katutubong wika. Kaugnay nito, mainam na muling suriin ng mga institusyon sa edukasyon at pamahalaan ang kanilang mga polisiya upang bigyang-lakas ang mga lokal na inisyatiba na nagpapalaganap at nagpapatatag sa mga katutubong wika bilang bahagi ng pambansang kayamanang kultural at lingguwistiko.

## 5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Napatunayang na ang matagumpay na naipreserba sa mga barangay ng Basak at Agay-ay sa kabila ng patuloy na pag-usbong ng makabagong wika sa panahon ng milenyal at Gen Z ay hindi bunga ng iisang salik lamang, kundi ng magkakaugnay na aspekto ng sosyokultural at lingguwistikong dinamika ng dalawang komunidad. Ang araw-araw na paggamit ng wika ay nagsilbing matibay na batayan ng patuloy na pagiging aktibo at buháy ng wika. Ang tuluy-tuloy na pagpapasa ng wika mula sa matatanda patungo sa kabataan ay nagbibigay ng matibay na pundasyon sa mga kabataan upang ito ay kanilang matutunan, tangkilikin, at maipasa rin sa mga susunod na henerasyon. At ang mataas na antas ng pagpapahalaga at pagmamalaki ng mga mamamayan sa kanilang katutubong wika ay nagpapakita malaking tulong upang mapanatili, maipreserba at hindi mailibing sa limot ang katutubong wikan. Nagpapatunay na ang pagpapanatili ng isang katutubong wika ay posible at epektibo kung ito ay nakaugat sa aktibong paggamit, pagpasa mula sa henerasyon sa henerasyon, at matibay na ugnayan sa kultural na identidad. Ang resulta ay malinaw na halimbawa kung paano manaig ang wikang katutubo sa gitna ng mga pagbabago kung ito ay pinangangalagaan, isinasabuhay, at itinuturing na mahalagang bahagi ng kolektibong buhay ng isang komunidad. Iminungkahi ng mga mananaliksik na magkakaroon pa ng pag-aaral partikular sa morpolohikal na varyasyon sa dalawang barangay na nabanggit.

## 6.0 MGA SANGGUNIAN

1. *Borong, N. (2024). Phonological analysis of selected town of Southwestern Leyte, Philippines. International Journal of Arts, Sciences and Education, 5(4), 13–25. https://mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/386*
2. *Borong, N. (2019). Morphological variations of the dialects in Western and Southern Leyte. Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD), 7, 41-53.*
3. *Fishman, J. (1991). Reversing language shift: Theory and practice of assistance to threatened languages. Clevedon: Multilingual Matters.*
4. *Giles, H., Bourhis, R. at Taylor, D. (1977). Towards a theory of language in ethnic group relations. In H. Giles (Ed.), Language, Ethnicity and Intergroup Relations. London: Academic Press.*
5. *Oria, R. at Borong, N. (2021). Persistensi ng lokal na wikaing Baybayanon: Isang case study. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9 (1), pp. 120-125*
6. *Reyes, A. at Drapeza, H. (2021). Pagsipat sa mga salik na nakaimpluwensiya sa varayti at varyasyong leksikal sa wikang Chabacano ng lungsod Zamboanga. International Journal of Research Studies in Education, 10(4). https://doi.org. 10.5861/ijrse.2021.21614*
7. *Tajfel, H., at Turner, J. (1979). An integrative theory of intergroup conflict. In W. G. Austin, & S. Worchel (Eds.), The social psychology of intergroup relations. Monterey, CA: Brooks/Cole.*